

1

Pakiramdam ni Lanie ay may sandaang paruparong umiikot-ikot sa kanyang sikmura dulot ng mahihinang usapan, kahit pa namataan na niya ang pakay. Nakita na rin siya nito. Sa kabila ng mabuti niyang intensyon sa pagparoon, tumayo ang kanyang balahibo sa mga braso at dumagundong sa pagtambol ang puso niya nang lumakad siya papalapit dito.

“May invitation po ba kayo?”

Pinagmasdan niya ang babaeng humarang sa kanyang daraanan at pumigil sa paghakbang niya papasok.

“Wala. Kailangan ko lang makausap si Quinn McAllister at aalis na ako.”

Ibinalik niya ang tingin sa lalaking tinutukoy. Papunta ito sa kanilang direksyon habang dumaraan sa gitna ng grupo ng mga taong nakadamit pangmayaman sa reception room ng museo.

“Ako si Judith French, fiancée niya. Ano’ng kailangan mo kay Quinn?”

“Asawa niya ako.” Pinanatili niyang mahina lang ang kanyang boses.

“Ex-wife,” singit ni Quinn. Kaswal nitong iniabot ang dalang baso ng inumin sa dalaga bago idinantay ang braso sa mga balik

nito. “Walang kailangang ipag-alala, Judith.”

Sinubukang ignorahin ni Lanie ang kasama nito at hinarap ang lalaking limang taon na niyang hindi nakikita. “Kailangan nating mag-usap, Quinn.”

“Makipag-set ka ng appointment sa sekretarya ko.”

Sumabog ang kanina pa niya pinipigilang galit. “Ilang beses na akong tumawag sa sekretarya mo mula nang dumating ako sa Chicago at alam kong alam mo ’yan. Kung hindi ka sana umiiwas, wala ako dito ngayon. Mamili ka: lalabas tayo para makapag-usap nang sarilinan o dito na lang sa harap ng fiancée mo at ng sosyal mong mga kaibigan?” Puno ng sarkasmo ang kanyang mga salita habang hinahagod ng mga mata ang itim na damit ng babae.

Sinadya nitong uminom mula sa kopitang hawak habang nakatingin sa kanya.

“Fine,” ani Lanie. “Alalahanin mo lang na ikaw ang pumili nito. May maliit akong balita na naisip kong baka interesado kang malaman. ’Yung divorce natin? Peke. Kasal pa din tayo sa isa’t isa. Ibig sabihin, puwede n’yo na munang kalimutan ni Judith,” may pagdustang banggit niya sa pangalan ng babae, “ang pagpapakasal.”

Umikot siya, halos matapilok pa dahil sa taas ng takong ng suot niyang sapatos. Determinadong naglakad siya palabas ng pinto. Nasabi na niya ang kailangan niyang sabihin. Wala na siyang dapat ikabahala. Ito na ang susunod na dapat kumilos.

Hindi naman nagtagal nang gawin nito iyon. Hinablot ng lalaki ang kanyang braso; mahigpit ang pagkakakapit para hindi siya makatakbo. Iniikot siya nito para magkaharap sila.

“Ano’ng ibig mong sabihin na peke?”

May ilang hibla ng buhok ni Quinn na lumaylay sa noo sa pagkilos nitong iyon, halos ikinubli ang manipis na peklat sa gilid ng sentido hanggang sa nakatago sa ilalim ng buhok nito. Noong huli silang nagkita, wala iyon doon. Ngayon, halatang-halata iyon na napapalibutan ng maiitim na hibla na parang kidlat sa madilim na gabi. Kahit pa gigil na gigil siya sa galit, kinailangan pa niyang pigilan ang sariling abutin iyon para hawiin. Old habits die hard.

“Bitawan mo ako.” Marahas niyang binawi ang braso. Bawat ulo roon ay napalingon sa gawi nila. “Nasayang ko na lahat ng oras dahil sa ’yo.”

“Lanie, sandali lang.”

Nagbingi-bingihan siya sa pakiusap, saglit lang na tumigil para hilahin pabukas ang mabigat na salaming pinto bago nagtatakbo patungong kalye. Solohin nito ang mga pesteng charity events, iyong mga babaeng ’yun, at lahat ng pera nito. Yumuko siya para hubarin ang suot na sapatos at binitbit na lang iyon kasabay ng paghinga nang maluwag. Makukuha ni Lanie ang kailangan niyang diborsyo. At sa pagkakataon ngayon, sisiguruhin niyang tunay iyon.

Nagbukas ang pinto ng museo sa eksaktong sandaling

nakatawag siya ng taxi. Mahina siyang napamura nang hindi ito huminto.

“Ilang beses ko bang sasabihin sa ’yo na kung magmumura ka, lakasan mo?” May bahid ng aroganteng amusement sa tinig ni Quinn.

Pinanatili niya ang mga mata sa nagdaraang mga sasakyan, nagdadasal na sana may taxi ulit.

“Layuan mo ako, Quinn.”

“Kung maaalala mo, ’yun eksakto ang ginagawa ko. Limang taon na. Ikaw ang bigla na lang sumulpot dito ngayon.”

“Kasalanan ko. Nakalimutan ko kung sino ang kausap ko. Wag kang mag-alala, hindi na mauulit.”

“Saan ka pupunta?”

Isa pang dumadaang taxi ang kinawayan niya, na hindi rin tumigil. Muling napamura si Lanie.

“Ewan ko lang kung bakit may pakialam ka, pero babalik na ako sa motel para kunin ang mga gamit ko at kukuha ako ng unang flight pauwi. Naaalala mo pa naman ang Wyoming, di ba, Quinn?” Bumalik ang sarkasmo sa tono niya nang harapin ang asawa. Sa suot nitong tuxedo ay naroon ang lalaking minahal niya, pero marami na ang nabago kaya ni hindi na niya ito makilala.

Ganoon pa rin naman ang hitsura nito—matangkad, at may katawang lilingunin ng kababaihan para mapagpantasyahan ng maiinit na pagniniig at hubad na balat na kumikintab sa pawis. Siya mismo ay nakaniig ang katawang iyon, at hanggang ngayon ay may kapangyarihang pabilisin ang tibok ng kanyang puso.

“Nakayapak ka?” Naroon muli ang amusement, nakaangat ang isang sulok ng labi ng asawa. “Kahit nakasuot ka ng mamahaling damit at nakaayos ang buhok mo, hindi ka pa din nagbabago, Lanie.”

“Diyan ka nagkakamali. Hindi na ako kasing-tanga nang dati.” Ibinalik niya ang tingin sa kalye.

“Ibig sabihin noong pinakasalan mo ako?”

“Mismo.”

“Halika na.” Hinawakan ni Quinn ang braso niya, pero hindi na tulad kaninang masakit ang pagkakahablot nito. “Mukhang kailangan nating mag-usap at ayokong gawin ’yun dito sa kalye.”

Sinubukan niyang hatakin ang braso mula sa kamay ng asawa, pero sinasabi sa kanya ng higpit niyon na sumama na nga siya o magpakaladkad siya sa bangketa.

“Paano ’yung fiancée mo?”

“May usapan kami ni Judith. Siya ang bahala sa tatay ko kapalit ng maraming pera para makapaglaro. Hindi ako hahanapin n’un.”

Second Time Around - Katherine Allred

Bahagya lang niyang napansin ang isang makintab na itim na kotse bago nito binuksan ang pinto sa passenger side. Inalalayan siya ni Quinn na maupo sa eleganteng leather seat. Amoy-mamahaling pabango sa loob ng sasakyan at hindi niya sigurado kung iyon ang amoy ng fiancée nito o ng ibang babae. Bago pa niya naikabit ang seat belt, nakaupo na ito sa driver seat.

“Maginoo ka pa din naman.”

Sinulyapan siya nito bago nagmaniobra patungo sa daloy ng trapiko. “Wala naman akong naaalalang sinabi kong gentleman ako at wala kang naging problema doon noon.”

Wala nga. Minahal niya sa lalaki ang kumpiyansa nito sa sarili gayundin ang katawan nito. Mahal niya talaga ito. Masaya siya na itinuring siya nitong kapantay kaysa isang babaeng walang gulugod. At least, noong simula, ganoon ito. Walang lalaking kagaya ni Quinn. Salamat na lang sa Diyos.

“Tumutuloy ako sa motel sa Franklin. Ihatid mo na ako doon at magta-taxi na lang ako papunta sa airport.” Inihanda ni Lanie ang sarili para sa pagkanaan nila, pero halos humampas siya sa pinto nang sa kaliwa sila lumiko. “Maling daan ito, ano ba! Saan mo ako dadalhin?”

“Sa apartment ko. Saan ko pa ba dadalhin ang *asawa* ko?” Mapanuya ang pagkakasabi nito ng salitang ‘asawa.’

Inabot niya ang seat belt para kalagin. “Iparada mo ang kotseng ito ngayon din. Kung sa palagay mo nabigyan ka ng

karapatang gawin ito dahil sa ilegal na diborsyo, nagkakamali ka.”

“Takot kang mapag-isa kasama ako?”

“Malilimutin ka talaga, Quinn. Sinubukan kong makausap ka nang sarilinan ngayong gabi at tumanggi ka.” Sumisingaw ang galit sa bawat bahagi ng kanyang katawan. Saglit pa, sasapakin na niya ito.

“Iyon ay bago ko nalaman kung ano’ng gusto mo.”

“Kung binigyan mo ng panahon ang mga tawag ko, nalaman mo na sana ang kailangan ko. Divorce lang. Iyong totoo. At mas mabilis, mas mabuti.”

Iniliko nitong muli ang sasakyan, ngayon naman patungo sa isang garahe at doon pumarada. “Sa itaas na tayo mag-usap.”

Saglit siyang nag-alangan, iniisip kung dapat bang madaliin ang bagay na iyon. Subalit ito ang dahilan ng pagpunta niya roon, mabuti pang tapusin na sa lalong madaling panahon.

Pinulot ni Lanie ang sapatos at bag at nagmamadaling humabol sa lalaki habang pinananatili nitong nakabukas ang elevator door gamit ang isang kamay. Walang duda, na-spoil na siya ni Jared. Ibang-iba ito kay Quinn tulad lang ng pagkakaiba ng liwanag sa dilim. Nasanay na siyang ipinagbubukas ng pinto, iyong tinatratong hindi pangkaraniwan at napakahalaga.

Tahimik silang pareho habang umaakyat ang elevator na tumigil sa penthouse.

“Kumusta ang tatay mo? Walanghiya pa din ba hanggang ngayon?” tanong niya nang bumukas ang mga pinto ng elevator at tumapak sila sa malamig na marmol na sahig ng isang ultramodern na entrada.

Hindi sumagot ang katabi, iminuwestra lang ang hagdanan papunta sa living room.

Lumubog sa makapal na puting carpet ang kanyang mga paa. Inilapag ni Lanie sa isang tabi ang bitbit na sapatos at tinungo ang hilera ng mga bintana kung saan tanaw ang buong siyudad. Kinilabutan siya, nanindig ang balahibo sa kanyang braso. Paano nito natitiis na tumira sa isang walang buhay at walang kulay na lugar?

Itim at puti lamang ang kulay ng mga muebles doon na tanging chrome fittings lang ang pampatingkad. Ikamamatay ng Quinn na kilala niya ang tumira sa ganoong paligid. Gusto nito ng makukulay na bagay, tulad niya. Dito, kahit hangin ay amoy-bakal.

Mula sa salamin ng bintana ay pinanood niya itong lumapit. Tumigil ang repleksyon nito ilang pulgada lang mula sa kanya. Namuo ang tensyon sa kanyang sikmura, at nang humakbang siya papalayo, nakita niya ang muling pag-angat ng sulok ng labi ng lalaki.

“Paano mo naisip na peke ang divorce natin?”

Hinugot ni Lanie mula sa dalang bag ang isang envelope

at iniabot iyon sa asawa. “Natanggap ko ’yan two weeks ago. Hindi totoong lawyer ang nag-asikaso sa divorce natin. Kahit kailan hindi nai-file ang papeles natin. Naaresto ’yung lalaki at nakumpiska ng korte ang mga itinatago niyang records. Doon nila nakuha ang mga pangalan natin.”

Pinasadahan ni Quinn ang hawak na sulat, wala pa ring expression sa mukha. “Bakit hindi ako nakatanggap ng ganito?”

“Ewan ko. Siguro dahil hindi nila alam kung saan ka mahahanap. Pero nakalista ang address mo sa *McAllister Ranch* sa Wyoming at alam nating pareho na hindi ka pa nakakabalik doon mula nang...” Hindi niya natapos ang sasabihin.

“Mula nang maaksidente ako.” Ito ang tumapos ng sinimulan niya. Inangat nito ang kamay, idinaan ang mga daliri sa peklat na naroon sa mukha nito. “Puwede mo namang sabihin.”

“Sasabihin ko sana na mula nang gabing umalis ka.” Pinanatili niyang walang emosyon ang tono. “Ang problema, kailangan ko ’yung divorce agad. Naisip ko, baka isa sa atin ang puwedeng pumunta ng Vegas para trabahuhin iyon. Di ba mga anim na linggo lang ’yan?”

Tiniklop ni Quinn ang sulat bago ibinalik iyon sa envelope. “Bakit ka nagmamadali?”

Saglit siyang nagdalawang-isip bago huminga nang malalim. “I’m seeing someone, isang espesyal na tao. Inaya na niya akong pakasal.”

Second Time Around - Katherine Allred

Tumitig ito sa kanya at hindi niya sigurado kung nagustuhan niya ang nakita sa mga mata nito. Nag-aapoy ang mga iyon sa inis.

“So sino naman ang kawawang tanga na nabiktima mo ngayon?”

Umangat ang baba ni Lanie at nabalot ng tensyon ang buo niyang katawan.

“Hindi kawawang tanga si Jared. He’s a wonderful man. Mabait, matalino, maalaga at mahal niya ako. Sa madaling sabi, lahat ng bagay na hindi ikaw.”

“Ang boring niya. May apelyido ba ang ulirang nilalang na ito?”

“Jared Harper. Hindi mo siya kilala. Nakaalis ka na nang mag-set up siya ng practice.”

“Practice?” Humakbang si Quinn papalapit, bihag pa rin siya ng titig nito.

“Isa siyang beterinaryo.”

“At mahal ka niya.”

“Oo.”

“Mahal na mahal ka niya kaya hinayaan ka niyang pumunta dito mag-isa para harapin ako?”

Naglaho na ang amoy-bakal na hangin at napalitan iyon

Second Time Around - Katherine Allred

ng init ng samyo ng gamit nitong aftershave. May tila lamig na gumapang sa gitna ng kanyang likod nang hawakan nito ang kanyang kamay at nalaman niya kung ano ang pakiramdam ng isang ahas habang umiindak sa saliw ng tunog ng pipe ng isang charmer. Hindi niya makuhang gumalaw, ni umiwas ng tingin.

“Gusto niya akong samahan.” Hirap siyang bigkasin iyon dahil sa namamanhid na mga labi. “Hindi lang ako pumayag.”

“Kung ako ang nasa katayuan niya, hindi mo ako mapipigilan.”

Dapat talaga hindi siya pumayag na madala nito roon. Dapat nagpilit siya na mag-usap sila sa pampublikong lugar. She knew how dangerous he could be. May mahiwagang kakayahan si Quinn na pairalin ang angkin nitong animal magnetism kung kailan nito gusto. Ganoon ang asawa noon pa man.

“Hindi kayo magkatulad ni Jared.”

“Oo nga. Mahal ka niya.” Halos lumapat ang mga labi ni Quinn sa kanya. “Ang tanong, mahal mo ba siya?”

Mainit ang haplos ng hininga nito at may bahid ng samyo ng alak. Nanuyo ang bibig ni Lanie, rumaragasa ang tibok ng kanyang puso na halos dumagundong iyon sa tainga niya.

“Siyempre.”

“Parang hindi ka sigurado, Lanie.”

Second Time Around - Katherine Allred

Mula sa kung saan, nahanap niya ang lakas para layuan ito sa kabila ng nanginginig niyang mga binti.

“Siguro dapat makinig ka nang mas mabuti. Mahal ko si Jared at pakakasalan ko siya.”

Muling tiningnan ni Quinn ang hawak na envelope. Hindi niya alam kung bakit nagugulat siya sa pagsulak ng galit sa dibdib niya. Nahulaan na niyang mapapahamak siya sa saglit na nakita niya si Lanie ngayong gabi. Mapapahamak at gulat na gulat, hanggang sa kanyang kaibuturan.

Sa lahat naman ng puwedeng dumating sa lecheng fundraiser na iyon, hindi niya inasahan ang asawa roon. Ilang araw na pala itong naroon sa siyudad kung paniniwalaan niya ang sinabi nito.

Kumulo ang dugo niya sa galit sa sekretarya kahit pa wala namang mabuting maidudulot kung sisisantehin niya ito. Sumusunod lang ito sa mga utos ng kanyang ama.

Pagod na hinagod niya ang ulo sa lugar kung saan naroon ang kanyang pilat. Naging natural na sa kanya ang kilos na iyon sa loob ng limang taon.

“Sa akin na muna ito. Kailangan kong ipakita ito sa mga abogado. Sabihin ko na lang na ipadala sa iyo pagkatapos nilang ipakopya.”

“Salamat. Ikaw na ang pupunta sa Vegas?”

“Malamang. Malalaman ko bukas.”

Tumango ito minsan, kumikinang sa ilaw ang gold clip na nagtatali sa kulay tsokolate nitong buhok.

“Kailangan ko nang umalis. Masyado na akong matagal kaysa sa plano kong mawala sa bahay. Tawagan mo na lang ako doon kapag may balita ka.”

“Ihahatid na kita pabalik sa motel.”

Nag-alangan pa ang asawa pero simbilis lang ng kurap ng mata. “Mas mabuti kung magta-taxi na lang ako. P’wedeng makitawag?”

“Wag na.” Tinungo niya ang isang intercom at pinindot ang buton niyon. “Duncan? Pakidala ’yung sasakyan sa harap. May bababa diyan na babaeng nakapula, pakihatid siya sa kung saan niya kailangang makarating.”

Pinanood ni Quinn na suotin muli ni Lanie ang itim na sapatos at isukbit sa balikat ang strap ng dala nitong bag. Sinuyod ng kanyang paningin ang kurbada ng katawan nitong humahapit sa suot na pulang seda.

May bigat na naramdaman siya sa gitna ng kanyang dibdib. Hindi siya nabigyan ng pagkakataong magpaalam dito five years ago at ngayon, muli itong aalis sa kanyang buhay at iiwan siya para mag-asawa ng iba. Kinalimutan na ni Quinn ang

pakiramdam ng pagtataksil nito pero ngayong nakita niya itong muli, nanumbalik lang ang sakit na naramdaman niya noon.

“Well,” umunat ito, “I guess this is goodbye, then.”

“Lanie?” Pinilit niya ang sariling ngumiti kahit pakiramdam niya ay napakapeke niyon. “You look great. S’abi ko na nga, bagay sa ’yo ang ganyang hitsura.”

May maliit na ngiting naglaro sa mga labi nito. “Alam nating pareho, Quinn, na kahit kailan, hindi ako babagay sa ganitong pananamit.” Kagyat itong lumingon bago binuksan ang pinto. “Ingat ka.”

Nanatiling nakatitig sa sarado nang pinto si Quinn, iniisip kung totoo ba na nanggaling lang doon si Lanie. Hinubad niya ang suot na kurbata at tumungo sa bar. Nataranta siya ng paghaharap nila. Isa itong bahagi ng kanyang buhay na inakala niyang naglaho na habang panahon. Iyong bahagi na sinikap niyang paniwalaan na hindi niya gusto at ayaw nang pakialaman.

Nagtagumpay siya sa ilang aspeto nang ilubog niya ang sarili sa trabaho sa pagitan ng pagsasailalim sa surgeries at physical therapy. Maraming linggo ang lumagpas na hindi niya ito naiisip, kung ano ang ginagawa nito o kung may iba na ito. Ngayon, hindi na niya kailangang magtaka.

Bahagyang may nginig ang kamay niya habang nagsasalin

Second Time Around - Katherine Allred

ng scotch sa isang baso. Ang pag-ika na kanina ay sinikap ni Quinn na itago ay mas halata na ngayong patungo siya sa kabilang kuwarto. Parang apoy ang sakit na nadarama niya sa kanyang hita. Kahit hindi lumitaw si Lanie sa fund-raiser, hindi na rin naman siya magtatagal doon. Kailangan niyang magbabad sa whirlpool.

Tumunog ang telepono nang dumaan si Quinn sa opisina. Pumasok siya at naupo sa padded chair bago sinagot ang tawag.

“McAllister.”

“Nabalitaan kong may bisita ka kanina.”

Sumandal siya at pumikit. Ang kanyang ama ang tumawag. Sumimsim muna siya sa scotch bago tumugon. “Ang bilis yatang nakapagsumbong ni Judith sa iyo.”

“At bakit hindi? Iniwan mo siyang walang paraan para makauwi. Hindi tamang tratuhin mo nang ganoon ang fiancée mo.”

“Tigilan mo nga ako, Edward. Alam nating pareho na makakauwi si Judith kasama ang kung sinong ‘kaibigan’ niya kesyo naroon ako o wala.”

“Walang kapintasan ang pinanggalingan ni Judith. Mabuting pamilya, magagandang koneksyon.”

“Sorry. Hindi ako interesado. Ikaw ang may ideya tungkol sa kanya, hindi ako.”

Saglit na nanahimik ang kabilang dulo ng linya bago ito muling nagsalita. “Ano’ng kailangan ni Lanie na napakaimportante para lumipad siya papunta dito? Kung pera lang, kalimutan na niya iyon. Nakuha na niya lahat ng puwede niyang makuha sa atin.”

“Kung ipinaalam mo sa akin na narito siya, sana nalaman mo nang mas maaga. Bakit hindi nasabi sa akin na tumatawag pala siya?”

“Dahil inisip ko na hindi naman ganoon kaimportante ang kailangan niya para istorbohin ka. Marami tayong business deals na haharapin at kailangan mong mag-focus doon, hindi sa nakaraan n’yo.”

“Puwes, sumablay ka ngayon nang husto. Peke ’yung kinuha mong lawyer para humawak sa divorce namin. Kasal pa din kami ni Lanie hanggang ngayon. Ang magandang balita lang dito, hindi ko kailangang pakasalan si Judith.”

Dama niya ang shock ng ama sa narinig. Nang sa wakas ay sumagot ito, maganit ang mga salitang namutawi mula rito na tila ba nagngangalit ang mga bagang.

“Impossible.”

“Hawak ko ang sulat na nagpapatunay na peke ’yun. Ipa-fax ko kay Franklin. Baka gusto mong ipadala din sa kanya ang kopya ng divorce papers para makita niya na ngayon.”

Minsan pa ay nanahimik ang kausap. “Nariyan pa siya?”

“Umalis na kani-kanina lang. Mukhang nagmamadaling balikan ang fiancé niya. Malamang humabol siya sa pinakamaagang flight na makukuha niya.”

“Tungkol lang ba sa divorce ang pinag-usapan niyo?”

“Ano’ng inaasahan mong gawin ko?” ani Quinn na may sarkasmo sa tono. “Magbalik-tanaw sa nakaraan namin pagkatapos makipagrambulan sa kama?”

“Wag ka lang makaisip ng isa na naman sa mga baliw na ideya mo. Aayusin natin ang gulong ito sa lalong madaling panahon para bumalik sa normal ang lahat. Kailangan n’yo lang iurong ni Judith ang date ng kasal n’yo pero hindi naman siguro iyon problema. Tatawagan ko si Franklin para magpaliwanag kung ano’ng nangyayari. Ipadala mo na ’yung sulat na ’yan.”

Ibinagsak ni Quinn ang receiver, nakahinga nang maluwag na ang ama ang kumikilos para maayos ang gulo. Masyado siyang pagod para mag-isip tungkol sa kung anong legalities ngayon. Nararamdaman na niya ang bahagyang pagpintig ng sentido na sigurado siyang mauwi sa matinding sakit ng ulo.

Hinila niya ang sarili patayo at nag-fax ng sulat bago nagpatuloy sa gym. Doon, pinaandar niya ang whirlpool. Naghubad siya ng saplot na iniwan niyang nakabalumbon sa sahig.

Second Time Around - Katherine Allred

Ibayong ginhawa mula sa sagad sa butong sakit ng kanyang hita ang idinulot ng daloy ng mainit na tubig. Mas malaki ang pilat doon kaysa nasa mukha niya, at kitang-kita ang pagkaputi niyon sa natural na kulay ng kanyang balat. Matapos ang aksidente, ilang buwang sumailalim si Quinn sa physical therapy at ilang operasyon bago siya nakalakad muli. Kahit pa natapos iyon, ilang operasyon pa ang kinailangan para maging normal ang kanyang binti.

Nangyari ang kahuli-hulihang surgery ilang buwan pa lang ang nakakaraan, pero ni minsan ay hindi siya umangal. The hard, painful workouts had helped keep his mind off Lanie. Para lang sa wala. Kasal pa rin sila at may mahal na itong iba.

Mainit pa sa tubig sa tub ang sumulak na galit sa kanyang dibdib.

Sinusubukan pa ni Quinn na kontrolin ang kanyang emosyon nang marinig niyang magbukas ang pinto na sinundan ng mga yabag sa labas. Sinipat niya si Duncan sa pagliligpit nito ng hinubad niyang mga damit mula sa sahig para i-hanger nang maayos sa closet.

“Hinatifid mo siya sa motel?”

Tumango ito. “S’abi ko p’wede ko siyang ihatid sa airport pero ayaw niya. Ano ’yang iniinom mo?” usisa nito sa basong nakapatong sa gilid ng tub.

“Scotch.”

“Gaano karami na ang nainom mo?”

“Kung gaano lang karami ang naubos mula sa baso.”

Pinangingkitan nito ang laman niyon, at mukhang kalmado naman ito dahil hindi siya lasing.

“Eh, kung uminom ka na lang ng tubig at ’yung muscle relaxers mo?”

“Scotch,” giit ni Quinn. “Alam mong ayokong-ayoko ng mga pills na ’yun.”

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. “Bakit mo pa ba ako sinusuwelduhan kung hindi ka naman susunod sa mga sinasabi ko?”

Tinungo ni Duncan ang maliit na refrigerator para kumuha ng tubig. Nang pabalik ng gym room, kinuha na rin nito ang botelya ng gamot.

“Inumin mo na ito at tigilan mo ’yang kagaguhan mo. Alam mong hindi makakatulong ’yang pag-inom mo ng scotch at wala namang iba ditong kailangan mong pagpanggapan.”

Masama ang itinapon niyang tingin sa hawak nitong gamot, pero sa wakas ay inilahad niya ang palad kung saan inilagay ni Duncan ang tabletas. Pagkalipas ng limang taon, alam na niyang wala siyang mararating kung makikipagtalo siya rito. Daig pa ng lalaki ang diktador kapag naiisip nitong sumosobra siya. At kung hindi dahil dito, malamang nabubuhay siyang naka-wheelchair

Second Time Around - Katherine Allred

lang. O baka mas malala pa roon. Ito ang physical therapist na nam-bully, nanindak at namuwersa sa kanya na maglakad samantalang ang gusto na lang sana niya ay mamatay.

Ang utang niya kay Duncan ay mas malaki pa kaysa sa halagang pinasusuweldo niya rito.

“Gaano ka na katagal nakababad diyan?” Iminuwestra nito ang whirlpool.

“Mga twenty minutes.” Ininom ni Quinn ang gamot bago isinandal ang ulo sa gilid ng tub.

“Umahon ka na kaya diyan at mamasahihin ko na lang ’yang hita mo? Baka mas makatulong.”

Nagmulat siya. “Tulong? Ang p’wede mo lang maitulong sa pagkakataong ito, Dunc, ay kung kaya mong baguhin ang nakaraan.”